Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/15

Pangungusap na Pautos at Pakiusap

A. Isulat ang **PU** sa patlang kung ang pangungusap ay pautos. Isulat ang **PK** kung ito ay pangungusap na pakiusap.

_____ 1. Huwag kang umalis na hindi nagpapaalam.

_____ 2. Pakiabot po ang bayad ko sa drayber.

_____ 3. Pakisabi kay Nanay na narito na ang bisita.

_____ 4. Diligan mo ang mga halaman sa bakuran.

_____ 5. Pakibigay kay Tatay ang bagong diyaryo.

_____ 6. Mag-aral kayo nang mabuti para sa pagsusulit.

_____ 7. Dalhin mo ang payong at baka umulan.

_____ 8. Pakihanda ang meryenda para kay Tita Marivic.

_____ 9. Bumili ka ng isang kilong bigas sa tindahan.

_____ 10. Pakiayos ang mga upuan sa silid-aralan.

B. Gawing pakiusap ang mga pangungusap na pautos. Gawing pautos ang mga pangungusap na pakiusap. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Tingnan mo kung kumukulo na ang tubig.

_____

2. Pakisara ang mga bintana sa sala.

_____

3. Bilangin mo ang sukli na binigay niya.

_____

4. Pakibasa ang nakasulat sa pisara.

_____

5. Kunin mo ang aklat sa mesa.

_____